# Junior Haiskul ng Saishi Gakusha sa Prepektura ng Saga

**Ang paaralan ay magbubukas sa Abril 2024!**




**SAI** Respeto sa indibiduwalidad at sa magkakaibang halaga

**SHI** Pumunta tungo sa layunin

**GAKUSHA** Realisasyon sa "Motibasyon sa Pag-aaral"






## Gusto mo bang mag-aral sa panggabing Junior haiskul sa Prepektura ng Saga?



Ang panggabing Junior Haiskul ay "muling pag-aaral" na paaralan para sa mga, anuman ang nasyonalidad o edad, na hindi nagawang tapusin ang kanilang edukasyon sa junior haiskul dahil sa iba't ibang mga dahilan.



**Impormasyon sa Paaralan**

## Pagpasok sa Paaralan

- Ang pangunahing panahon ng pagpapatala ay sa Abril, ngunit ang mga estudyante ay maaaring magpatala hanggang Setyembre.
- Depende sa sitwasyon ng pag-aaral ng estudyante, posible ring magpatala mula sa ikalawa o ikatlong baitang.
- Kung ikaw ay interesadong magpatala o interesado sa panggabing panggitnang paaralan, pakisuyong makipag-ugnayan sa amin sa impormasyong pakikipag-ugnayan sa ibaba.


## Balangkas ng proseso ng pagpasok

Mga katanungan tungkol sa pagpapatala (anumang oras) → Pagsubok na Pagpapatala at Sesyon sa Imposrmasyon ng Paaralan → Aplikasyon para sa Pagpasok → Interbyu (walang pagsusulit sa pagpasok) → Desisyon sa Pagpasok

## Lokasyon at Daanan



Matatagpuan sa gusali ng paaralan na pagsusulatan sa Saga Kita Haiskul




Humigit-kumulang 25 minutong lakad mula sa Istasyon ng Saga
Humigit-kumulang 1 minutong lakad mula sa hintuan ng bus ng Kitakou-Maehe sa Bus ng Lunsod sa Saga.

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan (para sa mga katanungan)


**Dibisyon ng Promosyon sa Edukasyon, Kalihimang Lupon ng Edukasyon sa Prepektura ng Saga**

1-1-59, Jounai 1-chome, Saga-shi, Saga 840-8570, Japan

Telepono:0952-25-7476

FAX:0952-25-7409

E-mail:kyouiku-shinkou@pref.saga.lg.jp


Lupon ng Edukasyon HP Nasa Twitter din kami!

Nasa Twitter din kami!

佐賀県　夜間中学 Paghahanap

**Lupon ng Edukasyon sa Prepektura ng Saga**

# Ano ang Junior Haiskul ng Saishi Gakusha sa Prepektura ng Saga?

Ito ang unang pampublikong panggabi na Junior haiskul na itinatag sa Prepektura ng Saga para sa mga hindi nakatapos ng sapilitang edukasyon dahil sa iba't ibang mga dahilan, anuman ang nasyonalidad o edad, at para sa mga hindi nakapag-aral o kung hindi man ay nabigong makatanggap ng sapat na edukasyon.



**Ang Pangmalas ng Paaralan**


**Paggalang sa indibiduwalidad at sa magkakaibang halaga ng bawat estudyante, sinusuportahan namin ang mga estudyante habang itinataguyod nila ang kanilang sariling mga layunin.**

### Perspektibo sa Pagpapaunlad ng Paaralan

- Pagpapahusay ng mga klase at aktuwal na aktibidad na tumutugon sa kagustuhan ng mga estudyante
- Paggalang sa pagkakaiba-iba at kakayahang umangkop upang matugunan ang pangangailangan ng indibidwal at kalagayan
- Paglikha ng pang-edukasyong kapaligiran kung saan ang lahat ay maaaring matuto nang payapa



**Sa lugar kung saan mararamdaman mo ang saya sa pag-aaral.**



## Kwalipikasyon para sa Pagpasok

Ang aplikante ay dapat na naninirahan sa Prepektura ng Saga at matugunan ang isa sa mga sumusunod na pamantayan

- Sa mga nakalagpas na ng edad ng pag-aaral nang hindi nakatapos sa sapilitang edukasyon sa iba't ibang mga dahilan.
- Sa mga nakatapos ng Junior haiskul nang hindi nakatanggap ng sapat na edukasyon dahil sa hindi pagpasok sa paaralan, atbp.
- Mga dayuhang mamamayan na gustong makatanggap ng sapilitang edukasyon sa Japan.



## Mga Nilalaman sa Pag-aaral


- Pinag-aaralan ng mga estudyante ang lahat ng siyam na paksang-aralin, katulad ng sa pang-araw na panggitnang paaralan.
  Ang ibang oras ay gagamitin sa pinagsamang pag-aaral at mga espesyal na aktibidad.
- Depende sa sitwasyon ng pag-aaral ng indibidwal, ang mga estudyante ay maaaring makatanggap ng instruksyon sa wikang Hapon. Gayundin, ang mga estudyante ay maaaring mag-aral mula sa antas ng elementarya. Gayunman, hindi posible na mag-aral lamang ng mga partikular na paksang-aralin o wikang Hapon.
- Ang mga guro ay lisensyadong mga guro, katulad ng sa pang-araw na junior haiskul.
- Sa pagtatapos, ang mga estudyante ay makakatanggap ng diploma sa junior haiskul.


## Mga araw ng Klase at oras ng Pag-aaral

- Ang pag-aaral ay magaganap sa mga gabi ng karaniwang araw. (mula bandang 5:30 n.g. hanggang 9 n.g.)
- May mga klase 5 na araw sa isang linggo, 4 na oras sa isang araw, 20 na oras sa isang linggo.
- Magkakaroon ng oras ng pahinga (pagkain). Ang bawat kasali ay maghahanda at magdadala ng sarili niyang pagkain kung kinakailangan.

**Araw-araw na Daloy**

| Oras | Mga aktibidad |
|---|---|
| ~5:30 | Pagpunta ng Paaralan |
| 5:30~5:35 | Mga Aktibidad sa Klase |
| 5:35~6:15 | Unang Yugto |
| 6:15~6:20 | Pahinga |
| 6:20~7:00 | Ikalawang Yugto |
| 7:00~7:25 | Pahinga (pagkainl) |
| 7:25~8:05 | Ikatlong Yugto |
| 8:05~8:10 | Pahinga |
| 8:10~8:50 | Ikaapat Yugto |
| 8:50~9:00 | Paglilinis at Pagsasara ng Pulong |





※Ang mga oras ay napapailalim sa pagbabago.

## Iskedyul

- Mag-aaral ang mga estudyante sa isang espesyal na programang pang-edukasyon na iba sa pang-araw na junior haiskul sa pagkakaiba ng bilang ng oras ng klase, atbp.

| | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes |
|---|---|---|---|---|---|
| Unang Yugto | Ingles | Ingles | Pambansang Wika | Matematika | Pambansang Wika |
| Ika-2 Yugto | Matematika | Agham | Matematika | Agham | Sibika at Kultura |
| Ika-3 Yugto | Pambansang Wika | Sibika at Kultura | Ingles | Pambansang Wika | Matematika |
| Ika-4 Yugto | Musika | Moral/Komprehensibo / Aktibidad sa Paaralan | Kalusugan at Pisikal na Edukasyon | Teknolohiya/ Ekonomiyang Pantahanan | Sining |

※Ito ay halimbawa ng klase na magaganap sa loob ng isang linggo.
※Komprehensibo (pinagsamang oras ng pag-aaral) ay oras para sa mga estudyante na sumali sa aktuwal na pag-aaral at pag-aaral sa paglutas ng problema, gamit ang kanilang kasanayang nakuha sa bawat paksang-aralin.

## Gastos



- Walang sinisingil sa matrikula. Ang mga aklat-aralin ay walang bayad.
- Ang halaga ng pagbili ng mga pintura at materyales para sa Sining, Teknolohiya, Ekonomiyang Pantahanan, at iba pang mga klase (bayad sa kagamitan sa pagtuturo). Bilang karagdagan, maaaring magkaroon ng gastusin sa transportasyon at iba pang mga gastusin para sa mga kaganapan.